Talaga ngang may pinababa sa akin na isang talata na siyang higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa Mundo sa kalahatan."}

Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Noong bumaba [ang talatang]: {1. Tunay na Kami ay nagpawagi sa iyo ng isang malinaw na pagwagi 2. upang magpatawad sa iyo si Allāh ...} hanggang sa sabi Niya: {... isang pagkatamong sukdulan –} (Qur'ān 48:1-5) sa pagkauwi niya mula sa Al-Ḥudaybīyah, samantalang lumilipos sa kanila ang lungkot at ang lumbay at nakatay na niya ang alay sa Al-Ḥudaybīyah, nagsabi naman siya: "Talaga ngang may pinababa sa akin na isang talata na siyang higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa Mundo sa kalahatan."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpabatid si Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) noong bumaba sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang sabi Niya (napakataas Siya): {1. Tunay na Kami ay nagpawagi sa iyo ng isang malinaw na pagwagi 2. upang magpatawad sa iyo si Allāh sa anumang nauna na pagkakasala mo at anumang naantala, [upang] lumubos Siya sa biyaya Niya sa iyo, [upang] magpatnubay Siya sa iyo sa isang landasing tuwid, 3. at [upang] mag-adya Siya sa iyo ng isang pag-aadyang makapangyarihan. 4. Siya ay ang nagpababa ng *katahimikan sa mga puso ng mga mananampalataya upang madagdagan sila ng pananampalataya kasama sa pananampalataya nila. Sa kay Allāh ang mga kawal ng mga langit at lupa. Laging si Allāh ay Maalam, Marunong. 5. [Ito ay] upang magpapasok Siya sa mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya sa mga hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog bilang mga mananatili sa mga ito, [upang] magtakip-sala Siya sa kanila sa mga masagwang gawa nila – laging iyon sa ganang kay Allāh ay isang pagkatamong sukdulan –} (Qur'ān 48:1-5) sa panahon ng pag-uwi niya mula sa Al-Ḥudaybīyah, samantalang ang mga Kasamahan ay nililipos ng lungkot at lumbay at may nakahadlang sa kanila at sa pagsasagawa ng `umrah dahilan sa pinangyari ng kasunduang pangkapayapaan at pagpapalagay nila na ito ay hindi sa kapakanan ng mga Muslim, na noong nakakatay na sila ng alay sa Al-Ḥudaybīyah, nagsabi naman siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Talaga ngang may pinababa sa akin na isang talata na siyang higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa Mundo sa kalahatan." Pagkatapos bumigkas siya ng mga ito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65787